**DepEd ADVISORY No. 294, s. 2010**
**in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009**
**this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel**
**(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)**
**September 21, 2010**

# PAMBANSANG SEMINAR SA MGA BAGONG DEPED AT CHED KURIKULUM NAPAPANAHONG ISTRATEHIYA AT KAKAIBANG PERSPEKTIBA SA PAGTUTURO NG WIKA AT PANITIKAN

Ang Kagawaran ng Filipino at Panitikan ng Pamantasang De La Salle - Dasmariñas ay magdaraos ng ***Pambansang Seminar sa Mga Bagong DepEd at CHED Kurikulum: Napapanahong Istratehiya at Kakaibang Perspektiba sa Pagtuturo ng Wika at Panitikan*** sa Nobyembre 18-20, 2010 sa Tanghalang Julian Felipe, Pamantasang De La Salle, Dasmariñas, Cavite.

Ang mga layunin ng seminar ay:

a. madaragdagan ng kabatiran ang mga gurong nagtuturo ng wika at panitikan tungkol sa mga bagong DepEd at CHED kurikulum;

b. mailatag at masuri ang mga kagamitan, istilong panturo at pagpaplanong akademiko alinsunod sa mga hinihinging pagbabago; at

c. mabigyan pa ng mas malawak na pananaw ang mga delegado hinggil sa napapanahong istratehiya at kakaibang perspektiba sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino.

Ang mga eksperto sa larangan ng wika at panitikan ay inaanyayahang dumalo sa seminar na ito.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa De La Salle University (DLSU), Dasmariñas, Cavite sa telepono bilang: (02) 844-7832 at (046) 416-4531 o sa website: www.dasma.dlsu.edu.ph.

Madel: Bagong DepEd-CHED
09-17-10